# INDIGO CHILD

Dulang isang yugto

BUOD:

Katatapos lamang sumailalim ni Felisa sa electroconvulsive therapy upang mapigilan ang lumalalang sumpong ng pagbulusok sa kanyang bi-polar condition. Bibisita si Jerome, ang kanyang anak, ang tanging nag-aalaga sa kanya.

Sa pagitan ng mga kuwento ng pangunguryente, mabubunyag ang mga alaala ni Felisa. Mga ala-alang matagal na niyang pilit kinalimutan, noong panahon ng Batas Militar kung saan sumailalim din siya sa torture, tampok ang isang "therapy" na gamit din ang kuryente.

Ikukuwento ni Felisa ang pira-pirasong mga alaalag tulad sa kislap ng kuryente ay dumadaloy sa utak niya.  Nariyan pa pala sila sa kanyang memorya. Kahit na dumaan na siya sa kung-ano-anong meditation at new age strategy para lamang kalimutan ang malagim niyang nakaraan sa pagiging aktibong kumikilos sa mapagpalayang kilusan.

Sa mga pira-pirasong alaalang ito, mabubunyag ni Felisa ang isang sikretong hindi pa niya naibunyag sa sarili niyang anak. Hindi pala tunay na ama ni Jerome ang kinikilala nitong magulang. Masakit na alaalang kailangang ibunyag, para lumaya si Felisa.... At ipagpatuloy ni Jerome ang responsabilidad ng pagbabantay na di malimutan ng lipunan ang kasaysayan.

MGA TAUHAN

Jerome
Felisa

Pagbukas ng ilaw: Nakaupo si JEROME, nakaharap sa mga manonood. Sa likod niya sa bandang kanan, nakaupo si FELISA, nakalugay ang buhok, nakasuot ng puting damit.

JEROME

Hindi sa kidlat unang nabuo ng tao ang konsepto ng kuryente. Ang kidlat kasi noon ay tinuturing na paraan ng galit ng mga diyos. Kahit noong bata ako, naaalala ko si Tatay, na kung tuwing kumikidlat at saka kukulog, sasabihin niyang nagbo-bowling si San Pedro. Titingnan niya ako't walang bahid ng pagbibiro ang kanyang mukha. E di ako, naniwala. Kaya daw lightning strike ang tawag.

(tatawa sa sariling alaala)

Pero siyempre, tayo, na nabuhay na sa panahon ng kuryente, madali nang isipin na ang kidlat ay elektrisidad. Sabi nila, mula sa himpapawid, nahuli ang kidlat sa isang saranggola. At magmula noon, nakalikha na rin tayo ng kuryente. At magmula noon, naging makapangyarihan tayo. Napaandar natin ang maraming bagay. Ilaw, motor, transportasyon, komunikasyon, lahat. Nakalikha tayo ng maraming syudad, ng isang daigdig na binubuhay ng kuryente. Hindi na lang sa apoy umunlad ang sibilisasyon. Sa mabilis na daloy ng kuryente, naitayo ang napakaraming makina, at ngayon computer, robot, isang planetang kusang nagliliwanag kahit natutulog ang araw.

(lilingon kay Felisa)

Hindi ako conscious noon. Pero ngayong kakausapin ko si Mama, ngayon ko rin na-realize, kaya siguro Electrical Engineering ang kinuha kong kurso sa kolehiyo, ay dahil... sa kanya.

Sandaling pagmamasdan ni Jerome si Felisa.

JEROME

Siya higit kay Benjamin Franklin, o kay Michael Faraday, o kay Thomas Edison. Higit kay Albert Einstein, wala sigurong ibang higit na nakakaalam ng tungkol sa kuryente kundi ang sarili kong ina. Noong una ko siyang hawakan, mga three weeks ago, tulala pa siya. Sabi ng mga duktor mas mabuti siguro kung sa ibang araw na lang ako bumisita. Baka hindi pa siya handa... baka ako ang hindi handa, sabi nila. Pero malakas ang loob ko, sabi ko. Kaya kong makita si Mama na tulala. May isang manipis na daloy ng laway na tumutulo sa kanto ng kanyang labi... dahil di pa niya lubusang nakokontrol ang kanyang bibig. Tulala, halos hindi ako nakilala. Parang walang buhay ang mga mata, pero nang makita niya ang tenga ko, at ang ngiti ko, biglang nagka-kuryente ang utak. Mabilis na daloy ng kuryente ng pagkakakilala.

(kay Felisa.)

Mama. Ako si Jerome.

FELISA

Oo naman. Kilala kita.

Tatayo si Felisa, sa likod niya'y may kukunin siyang maliit na maleta. Lalakad siya at uupo, haharap kay Jerome.

FELISA

Susunduin mo na ba ako?

JEROME

Mga tatlong araw yun pagkatapos ng ECT niya. Hinawakan ko siya. Ang akala ko noon, makukuryente rin ako.

Tatawa si Felisa.

FELISA

Ano ba'ng akala mo?

JEROME

Baka lang kako, may kuryente pang dumadaloy sa katawan mo.

FELISA

Gago ka. Ano'ng akala mo sa akin?

JEROME

Kaya mong tiisin lahat... baka kako inaabsorb ng katawan mo tapos, pag hawak mo sa bumbilya, iilaw ito.

FELISA

Sana nga. Para di na natin kailangan magbayad sa Meralco.

JEROME

(sa manonood)

Kaya niyang makipagbiruan, tatlong araw matapos ang kanyang ECT. Natuwa na rin ako kasi para hindi namin pag-usapan ang mga bagay na mabigat. Ang buong akala ko kasi natatandaan niya ang mga nangyari.

FELISA

Ano ba’ng pinag-uusapan natin?

JEROME

Wala kang malay noon?

FELISA

Malay saan?

JEROME

Sa dinaanan mo...

FELISA

Dinaanang ano?

JEROME

Electroconvulsive therapy?

FELISA

Ah! Yun ba yun? Noong mga sandaling yun...ang buong akala ko bumabalik lang ang mga alaala. Parang flash photography sa utak ko. Yun ang natatandaan ko.

JEROME

Hindi masakit?

FELISA

Masakit... yung flash photography na mga alaala? Masakit. Inelectrocute pala ako, gago ka. Hindi mo sinabi... Pumayag ba ako?

JEROME

Pinag-usapan natin... ang sabi ko sa iyo, mas maigi kung ganoon nga.

FELISA

Hindi ko natatandaang pumayag ako. .

JEROME

Yun din ang rekomendasyon ni Doctor Medina.

FELISA

Bakit ba ang hilig-hilig nila manguryente?

JEROME

Hindi na rin kita mapigilan, Ma. Kung ano-ano nang ginagawa mo sa sarili. Sabi naman ni Doctor Medina--

FELISA

Bakit ba lagi nila akong kinukuryente?

JEROME

Hindi ka daw kasi nagrerespond sa gamot. At saka minsan lang naman.

FELISA

Anong minsan? Pangalawa na ito.

JEROME

Ma? Ngayon ka pa lang--

FELISA

Hindi, pangalawa na ito. Mas mahaba lang yung una. At hindi ako tulog noon. Kaya noong ginawa uli  nila ito, yun ang pumlash photography sa alaala ko. Akala ko bumalik sila.

JEROME

Sila?

FELISA

Si Kidlat. Kidlat ang tawag sa kanya noon. Noong una di ko alam kung bakit yun ang tawag sa kanya. Until ayun nga. Si Kidlat ang nagkabit ng kawad sa mga daliri ng aking paa, tapos dito sa hintuturo. Minsan sa tenga. Sa ari...

JEROME

Yayakapin ko sana siya--

(akmang yayakap kay Felisa, pero kakalag ang ina)

Pero ayaw niya. Ayaw ng kahit anong mukhang awa.

FELISA

Kaya pala biglang tumambad ang mukha ni Kidlat. Biglang natandaan ko pati yung nunal niya sa noo. Yung nunal niyang iyon... yun lang ang lagi kong tinititigan para... sana hindi maging ganoon kasakit yung kuryente.

(kay Jerome)

Nagdugo ba ang ilong ko?

JEROME

Hindi ko alam.

FELISA

Anong sabi ni Doc?

JEROME

Wala siyang nabanggit.

FELISA

Kasi noong una, nagdugo. Nakita ko si Kidlat, sandaling kinabahan.

(tatawa)

Siyempre kasi, kung nasunog na ang mga laman loob ko, e patay na ako agad, di ba? Pero hindi ko tinanggal sa pagkakatitig ang mga mata ko sa nunal niya. Bahagya siyang natakot. Napatigil.

JEROME

Ma... Sorry. Hindi ko alam na babalik ang mga---

FELISA

Hindi mo kasalanan, anak.

JEROME

Nagdalawang isip din ako na pumayag. Noong unang sabihin ni Dr. Medina na baka kailangan ngang idaan sa shock therapy, natakot din ako. Di ko inisip na bubuhayin nito muli ang mga--

FELISA

Baka nga yun ang dapat.... Pwede bang mag-yosi?

JEROME

Ang alam ko hindi. Pero--

(maglalabas ng yosi, dalawa, sisindihan
pareho at ibibigay ang isa sa ina.)

Sandaling katahimikan at tahimik silang hihithit ng sigarilyo.

FELISA

(makaraan ang katahimikan)

Yun din ang tawag nila.

JEROME

Ang alin?

FELISA

Shock therapy. Sabi kasi ni Kidlat, mayroon daw kaming sakit. Matinding sakit. Kanser. Putang-ina. Tang-inang yun. May kanser daw ako sa utak. Kailangan daw sunugin ang ibrinainwash sa akin ng mga komunista. Yun daw ang mission order para sa lahat! Disiplina ang Kailangan! Disiplina! Disiplina! Paulit ulit iyun!  Kailangan daw mawala sa sistema namin. Sistema... sistema. Sistema daw ito laban sa sistema. Yung sistema na gusto naming baguhin laban sa sistemang pinagtatanggol nila. Paulit ulit, natorete utak ko. Kaya iba ang inuulit=-ulit ko noon. Palakas nang palakas: “Mga gago, mga tuta! Tuta ng Kano.

Imperyalismo ibagsak! Pyudalismo ibagsak! Kuktukatakatismo ibagsak!

(tataawa bigla)

Narinig ko yun sa isang rally, sinisigaw ng isang takatak boy, nagtitinda ng sigarilyo. "Kutukatakatismo!"

(tatawa uli.)

Nasabi ko kaya yun kay Kidlat? Di ko matandaan. Basta ang alam ko ang tapang ko noon, kahit duling na ako. "Wala kayong sistema! Ibagsak!" Naks. Tibak na tibak, ano ha?

JEROME

Ma... gusto mo ba saka na tayo mag-usap?

FELISA

Bakit?

JEROME

E, puro masasamang alaala ang lumalabas...

FELISA

Diyan ka lang!... Matagal ko na ring hindi naalala ang mga ito. Putang-ina. Andiyan pa rin pala sila sa utak ko. Ang buong akala ko kasi, nag-dissipate na sila.

JEROME

Nag-dissipate?

FELISA

Naaalala mo ang turo ni Sri Abundoramiswamy?

JEROME

Sino?

FELISA

Hindi mo kilala. Si Tani. Yung kasama namin noon sa bundok. Sabay kaming nahuli noon, e. At pagkatapos akong pakawalan noon, nakita ko sila uli ng tatay mo. Tani pa siya noon. Ayaw na daw niyang bumalik sa UG. Tanong ko bakit. Pero hindi niya sinagot. Yung tatay mo, ang sabi naintindihan raw niya. Naubos ang pagkalalaki ni Tani sa loob.

JEROME

Anong ibig mong sabihin?

FELISA

Hindi ko rin alam noon. Naghinala lang ako. Hanggang sa pagkaraan ng ilang taon, nagkita kami uli. Patay na ang tatay mo noon. At ako... nakitang naglalakad nang tulala sa kalye. Matagal na akong itiniwalag... May nag-aalaga na lang sa akin noon. Mga dose anyos ka siguro noon...

JEROME

Hindi mo kinuwento ito sa akin.

FELISA

Siyempre. Wala naman akong kinukuwento sa iyo. Wala naman akong kinukuwentuhan ng ganito.

JEROME

Bakit? Lagi akong nagtatanong sa iyo noon, di ba? Paano namatay si Tatay.

FELISA

Alam mo yun, di ba? Binaril. Dead. Ganoon ko gustong mamatay noon. Kasama ng Tatay mo. Merong isang bahagi ng buhay ko. Buhay namin-- hindi ko na alam kung nasa impyerno na ba kami o papunta pa lang sa impyerno. Sabi ko noon sa Tatay mo, kung nasa impyerno na tayo, ano’ng difference kung mamatya tayo at doon rin naman tayo pupunta?

JEROME

Hindi ganoon si Tatay!

FELISA

Hindi nga. Ang sabi niya, langit ang mamatay para sa bayan. Dumilat dilat ako. Lalong naging kapana-panabik tuloy ang mamatay.

JEROME

Ma...pagod ka na.

FELISA

Hindi. HIndi mo ba napapansin? Excited ako ikuwento sa iyo ito. Kasi pag humupa na ang epekto ng shock therapy, lilimutin ko na uli lahat ito. HIndi ko na ito maikukuwento.

(hihithit ng sigarilyo)

Ngayon lang. Si Tani... noong nagkita kami uli, hindi na raw siya si Tani. Siya na si Abundoramiswamy.

(tatawa)

Tang-ina. Nagpuntang India. Hinanap raw niya ang sarili niya. Ipinagluksa niya ang warak-warak niyang sarili, na kusa na rin niyang pinatay at binurol. Patay na raw si Tani. Eto na si Abundoramiswamy. Bagong kaluluwa, nabibili sa India, sa halaga ng tatlumpung meditation...Doon ako humanga sa kanya. Sabi ko, Teacher, teach me. At siya ang nagturo sa akin na titigan nang maigi ang aking mga trauma. Gamit ang mata ng aking inner consciousness. Ang bawat kulata, bawat kuryente, bawat pitpit. Tinitigan ko silang lahat. Ang nunal ni Kidlat. Tinitigan ko at pagkatapos  ay nasaksihan ko kung paano sila dahan-dahang na-dissipate. Nakita ko silang natunaw at naging usok. “Babay” Nagbabay ako sa lahat ng bad things. Siguradong-sigurado ako na nawala silang lahat.

(titingin kay Jerome)

Kaya noong hinanap kita at kinuha muli sa Lola mo, peks man, wala na akong naalala noon, anak. Mabuti yun, sabi ko. Mailalayo kita. Di ka maaapektuhan.

Ang naging karanasan namin nina Tani, ng Tatay mo... ang kailangan mo lang malaman ay naging bayani kami. Tatay mo, namatay para sa bayan. Ako, pinahirapan para sa bayan. Ganun.

JEROME

Inilayo mo ako kay Lola. Inilayo mo ako sa lahat. Pati sa mga kasama mo. Ang sabi mo, tayong dalawa lang. Eto, ganun. Tayo lang. Walang nakaraan. Inilayo mo ako sa nakaraan. Sa kasaysayan. Kahit na alam mo, alam ko rin na imposible. Pati pangalan mo iniba mo. Ang sbai mo sa akin noon, kinse anyos ako... tawagin kitang Felisa. Ma. Huwag Nanay.

FELISA

E kasi... Tuwing tinatawag mo akong Nanay noon, bigla, parang kuryente... may kislap sa alaala ko. Pati pangalan ko gusto kong makalimutan.

JEROME

Natatandaan mo pa rin ba ang tunay mong pangalan, Ma?

FELISA

(iiling)

Alam ko andiyan lang iyan sa likod ng utak ko.

JEROME

Gusto mo bang maalala?

FELISA

Huwag mo nang banggitin. Kung alam mo... huwag mo nang banggitin. Pati yun hinayaan ko na ring mag-dissipate.

JEROME

Pero tulad ng iba pang alaala, andiyan pa rin sila.

FELISA

Hindi ba sinabi ni Dr. Medina na ganito pala ang side effect? Kinuryente ang utak ko siyempre... bumukas lahat ng pinto at bintana. Ayun, naglabasan uli. Alam mo ba kung ano'ng naalala ko minsan noong kinukuryente ako nina Kidlat? Sa gitna ng masakit na dagok ng kuryente... alam mo ba, naalala ko noong bata ako, hinalikan ako ng isang lalaki. Bata pa ako noon. Sanggol pa yata. Can you imagine? Natatandaan ko iyon. Yun yata ang pinaka-maagang memory ng buhay ko. Karga-karga ako.... Ng Mama ko siguro, o ng Papa ko. Tapos may nakyutan sa akin. Nanggigil. Hindi mapigilan at ako'y hinalikan. May saglit... isang saglit lang na naramdaman ko ang sarap ng hinahalikan, nang hindi ko hinihingi. May gulat, tapos tuwa... tapos biglang pumasok ang hiya saka ako umiyak. Pero noong tinotortyur ako ni kuryente, noong nangangatog ako sa hi voltage na kuryente... biglang nag-freeze doon sa saglit ng tuwa na iyon. Pagkatapos ng gulat, at bago ako nakramdam ng hiya... Nanatili ang damdaming yun, hanggang sa nawala ang kuryente sa katawan ko. Kaya takang taka si Kidlat noon... Wala daw akong malay, pero nakangiti ako.

JEROME

Nasaan siya? Natatandaan mo?

FELISA

Yung lalaki? Hindi ko kilala. Pero natatandaan ko ang mukha.

JEROME

Si Kidlat. Noong pinakawalan ka, nakita mo ba uli siya? Pagktapos ng Martial Law? Kahit minsan? Di mo siya nakita?

FELISA

(may pagkabalisa sa mukha)

Sa TV.

JEROME

Sa TV?

FELISA

Noong umalis si Marcos. Nakikipagkamayan sa mga tao doon sa EDSA. May bulaklak sa kanyang beret. Mga bayani din sila. Para rin sa bayana ng ginawa nila.

JEROME

Sino si Kidlat?

FELISA

Isa sa mga kumalas kay Marcos.

JEROME

Anong pangalan niya?

FELISA

Bakit pa? Hinayaan ko na siyang mag-dissipate.

JEROME

Hindi mo siya hinanap pagkatapos?

FELISA

Hindi. Malayo na tayo noon. Ayoko nang makita siya.

JEROME

Kilala ba siya ni Tatay?

FELISA

Oo. Siyempre. Alam ng Tatay mo ang lahat.

JEROME

Bakit hindi hinanap ni Tatay?

FELISA

Dahil sabi ko, huwag na. Mabuti pang kunwari patay na siya.

JEROME

Pero alam mo, Ma... alam mo ma na hindi mo pa rin siya malimutan. Alam mo, na isa siya sa mga dahilan kung bakit ka nagkaganito.

FELISA

Pwede... pwede rin naman. Pero sa huli... kaya ako nagkaganito ay dahil ... dahil hindi ko kinaya ang sarili ko. Na kahit anong meditate ko... therapy, pag-inom ng gamot... paglimot, pagpilit na mag-dissipate ang lahat ng tungkol sa kanya... ayaw niya mawala... at ngayong kinuryente ako uli... muli siyang nagpakita. Buhay pa rin...

(ngingiti)

May ibig sabihin ito, e. Alam mo yun? Yung mga ganitong pagkakataon... may ibig sabihin, e. Kaya ko siya naaalala. Kaya ko siya naaalala muli. Sa harap mo! Yun yun, e. Ganoon yun, anak... Kaya ayaw maalis-alis... kaya kahit anong gawin ko... kahit hindi ko siya isinisiwalat... hindi ko siya ikinukuwento ay dahil naghihintay siyang ikuwento ko... hindi kahit kanino, kundi sa iyo. At sa iyo lang. Ikaw, anak ko.

JEROME

Kahit hindi mo ikuwento. Sa tingin mo hindi ko alam? Alam ko. Kahit nagpakalayo layo tayo... Kahit hindi ka na kumontak sa dating mga kasama, at kay Lola... inalam ko. Alam kong tinrotyur ka, Ma. Maaaring hindi bawat detalye, pero Ma... may ibang nakaalala. May ibang nagtala... nakatala na sa kasaysayan. Sa Memorya ng maraming tao... mga kaibigan mo. Mga taong iniwan mo... tinakasan mo. Alam nila. Alam ko. At gusto kokng sabihin sa iyo-- na mahal kita... Na hinangaan kita kahit noon. Kahit noong hindi ko masyadong maintindihan ang pinagdaanan mo, niyo ni Tatay.

FELISA

(ngingiti, iiling)

Hindi nila ikinuwento sa iyo. Walang pwedeng magkuwento. Ako lang...Hindi siya ang tatay mo.

Matatahimik si Jerome.

Katahimikan.

FELISA

Hindi ka magiging indigo child kung siya ang naging tatay mo.

JEROME

Indigo? Ano yun?

FELISA

(tatawa)

Nalaman ko lang noong kinuha kita. Yun din ang sabi ni Abundoramiswamy. isa kang Indigo Child. Ikaw ang puputol ng kadena ng paulit-ulit na kasawian... pasakit... kamangmangan... kababawan. Ikaw ang sasagip ng lahat ng nalugmok ng sangkatauhan sa kumunoy ng nakaraang panahon. Ikaw ang isa sa henerasyon ng bagong tao. Na magbubukas ng bagong kabanata. Mula sa Age of Pisces patungo sa Age of Aquarius. At eto na yun.

JEROME

Ma...

FELISA

Ikaw, kasama ang iba pang indigo children... bunga ng sigwa, bunga ng tunggali, ng simbuyo, ng krisis... kayo ang mag-aangat ng kamalayan ng tao... pagtawid natin sa light band... pagtawid natin sa bagong panahon ng bagong kamalayan... mas evolved... mas angat, mas nakakaunawa...

JEROME

Kung dapat akong umunawa... sabihin mo sa akin.

FELISA

(yayakap kay Jerome)

Kaya pala... kaya pala umabot tayo dito. Bago ako lumaya... tunay na lumaya, Jerome... anak. Kailangan mo palang malaman. Malaki palang pagkakamali na tinago ko sa iyo. Tinago ng lahat sa iyo... Dahil ikaw ang bunga ng lahat ng poot ko...

JEROME

Sino ang tatay ko?

FELISA

Si Kidlat.

Matatahimik si Jerome.

FELISA

Dinala kita, na araw araw kong pinagdedebate kung ipalalaglag ko o hindi. Sumangguni ako sa kilusan. May ilang mas maliwanag ang isip na ok lang daw kung ipaabort kita. Hindi raw nila ako kakastiguhin. Maiintindihan daw nila... At ang tatay mo, ang sabi niya, kung ano daw ang desisyon ko, igagalang niya. Kung buhayin kita... pwede namang alagaan. Turuan ka daw naming kamuhian ang mga sundalo. Malay mo... may dramang mangyari... patayin mo ang sarili mong ama.

(tatawa)

Ang sabi ko sa tatay mo.. Na hindi mo pala tatay... matagal ko nang pinatay si Kidlat dito. At sinabi ko kay Tani, gusto ko nang tuluyang mag-dissipate si Kidlat...

Magsisigarilyo si Jerome.

FELISA

At doon namin nakita ni Abundoramyswamy... na ikaw, anak ng magkaaway... ang magiging sagisag ng pagbubuklod nito. Ng synthesis nito... ng pagtityap ng dialektikal na pag-uugnay ng magkasalungat... eto yun... Ikaw ang indigo child na magbubukas ng bagong kamalayan.

(luluha, sa tuwa)

My God! What a revelation!

JEROME

Ma... Ma...

FELISA

Anak! This is indeed a wonderful revelation... I feel liberated... I feel... fantastic release.

Para akong... umabot sa isang spiritual climax. Alam mo yun?

(tatawa)

Kung narito lamang si Abundoramiswamy... Malamang matutuwa siya.

JEROME

Nasaan siya.

FELISA

Hindi ko na alam.

JEROME

Nasaan si Kidlat?

FELISA

Hindi ko alam.

JEROME

Hahanapin ko siya.

FELISA

Bahala ka...

Isang malalim na buntunghininga mula kay Felisa.

FELISA

Sanggol ka ng sigalot... pero minahal din kita pagkalaon. At ngayon, malaya na ako. Sa iyo na ang panahon. Ang hanapin mo, Jerome, ay ang mga kapwa mo Indigo. Ako... aalis na ako.

Tatayo si Felisa, aayusin ang buhok.

FELISA

Salamat sa yosi. Dapat na siguro akong tumigil.

JEROME

Hindi ka nila paalisin pa, Ma.

FELISA

Naku naman. Ako pa. Watch me.

Magsisimulang maghubad si Felisa. At magbibihis ng makulay na damit. Maglalagay ng kaunting make-up. Susuklayin ang buhok. Tatayo.

JEROME

At ganoon kasimple. Ibinalik nila si Mama sa kanyang kuwarto. After a few weeks, ang sabi ni Dr. Medina, malaking tulong ang shock therapy. Mga ilang weeks pa siguro ay maaari na siyang umuwi.... At ganoon kasimple. Pagkatapos ng ilang araw, hindi na nila makita ang aking ina. Isang gabi, bigla na lang daw itong naglaho. Brownout noon.

May nag-trip sa grid ng Luzon. Malawakan. Ilang oras ding nawlaan ng kuryente sa buong Maynila Pagbalik ng ilaw, wala na siya. Ganoon kasimple, sabi ng isang inmate, narinig daw niya sa dilim ang boses ni Mama

FELISA

Watch me.

Lalakad si Felisa patungo sa mga manonood. Aalis. Maiiwan si Jerome.

JEROME

Nawala na siya. At hindi ko na siya mahanap. Kaya ang hinanap ko ay ang pinagtataguan ng Kidlat. At nang matagpuan ko ang Kidlat, hinarap ko siya. Tinanong ko kung may kilala siyang Felisa. Wala raw siyang kilalang Felisa. Ikinuwento ko sa kanya ang kanyang ginawa sa aking ina. Kung paano niya ito winasak at sinira. Iling siya nang iling. Hindi raw niya kilala ang Felisang ito. Hanggang naalala ko... naaalala ko at binanggit ko sa harap ng ama ko... ang tunay pangalan ng aking ina... Napatahimik siya. Napatahimik ko ang Kidlat na noo’y nakaupo sa wheelchair, putol ang mga paa, dala ng gangrenang pinalala ng diabetes. Napatahimik ko siya. At ang sabi ko kay Kidlat... “Lagi mong tatandaan ang pangalan niya, hanggang mamatay ka... siya si Adora.”

Wakas